{Hindi kumain ang pamilya ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dalawang kain sa isang araw malibang ang isa sa dalawang ito ay datiles.}

Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Hindi kumain ang pamilya ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dalawang kain sa isang araw malibang ang isa sa dalawang ito ay datiles.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na ang sambahayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi kumain ng dalawang pagkain sa iisang araw malibang ang isa sa dalawang pagkain ay ang datiles.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65815